## TARGET AREA KADA REHIYON:

REGION 1: 901 HA
REGION 2: 17,341 HA
REGION 3: 1,855.85 HA
REGION 4A: 271.08 HA
REGION 4B: 1,940 HA
REGION 5: 1,545 HA
REGION 6: 1,704 HA
REGION 7: 518 HA
REGION 8: 1,871 HA
REGION 9: 800 HA
REGION 10: 1,000 HA
REGION 11: 525 HA
REGION 12: 5.847 HA
REGION 13: 2,042 HA
CAR: 497.08 HA
MARIIS: 340 HA
UPRIIS: 1,002 HA

## CONTRACT FARMING LOCATION MAP




TOTAL TARGET AREA: 40,000 HA

BAGONG PILIPINAS

DEPARTMENT OF AGRICULTURE



CONTRACT FARMING Program
"Seguridad sa Pagkain Tungo sa Bagong Pilipinas"

## CONTACT US

**PUBLIC AFFAIRS AND INFORMATION STAFF (PAIS)**
8921-3741 local 113
pais@nia.gov.ph

**OPERATIONS DEPARTMENT**
8928-4130 local 125
od@nia.gov.ph

#bayaNIAn

# ANO NGA BA ANG CONTRACT FARMING?

*Ang CONTRACT FARMING ay isang paraan ng rice production ayon sa isang kasunduan sa pagitan ng mga magsasaka at NIA. Sa pamamagitan nito, may tiyak na mapagbebentahan ang mga rice product ng mga magsasaka.*

*Alinsunod sa layunin ng Bagong Pilipinas na makamit ang Rice Sufficiency sa bansa, ito ay naglalayong itaas ang kalidad ng produksyon ng bigas at mapaangat ang antas ng kabuhayan ng mga magsasaka.*

## TARGET NA BENEPISYARYO

- *Ang benepisyaryong IA/FIA/ISC ay dapat mayroong outstanding, very satisfactory, o kaya'y satisfactory rating sa functionality survey na ginawa ng NIA;*
- *Ang benepisyaryong IA/FIA/ISC ay mayroong warehouse at makinarya;*
- *Ang IA/FIA/ISC ay may karanasang teknikal sa trading o paggiling.*

## PAANO NAMAN ANG MGA MAGSASAKA NA HINDI KASAPI SA IA/FIA/ISC?

*Para sa mga interesadong magrehistro sa Contract Farming ng NIA, maaari lamang na pumunta sa IA/FIA/ISC na malapit sa inyong lugar.*

## ANO NGA BA ANG IRRIGATORS' ASSOCIATION (IA)/FEDERATION OF IRRIGATORS ASSOCIATION (FIA)/IRRIGATION SERVICE COOPERATIVE (ISC)?

*Irrigators' Association (IA):* Isang non-sectarian, non-stock, at non-profit na organisasyon ng mga benepisyaryong magsasaka na rehistrado sa SEC, na itinatag bilang katuwang ng NIA sa pagpapaunlad at pamamahala ng irigasyon.

*Federation of Irrigators Associations (FIA):* Ang grupo ng mga Irrigators' Associations na rehistrado sa SEC, na pinalakas sa pamamagitan ng training bilang katuwang ng NIA sa pagpapaunlad at pamamahala ng irigasyon.

*Irrigation Service Cooperative (ISC):* Mga kooperatiba sa isang munisipalidad na rehistrado sa CDA, na sumasaklaw sa mga service area ng irrigation systems upang mapadali ang pag-access ng suporta sa agrikultura para sa mga magsasaka mula sa gobyerno at NGO. Ang isang ISC ay nagsisilbing 'business arm' ng IAs sa loob ng nasasakupan nito.

## ANG IMPLEMENTASYON

1. Papasok sa isang kasunduan (Memorandum of Agreement o MOA) ang IA/FSC/ISC at ang NIA.
2. Ang NIA ay magbibigay at magde-deliver sa IA/FIA/ISC ng ₱50,000.00/ha na halaga ng farm inputs at cash para sa napagkasunduang cropping season.
3. Ang cash assistance ay ibibigay sa dalawang (2) tranches:
   1st tranche: Para sa land preparation tasks
   2nd tranche: Para sa harvesting, hauling, at iba pang kaugnay na aktibidad
4. Ang benepisyaryong IA/FIA/ISC ay makakatanggap ng kabayarang proporsyonal sa nadeliver na palay gamit ang sumusunod na computation:

IA compensation:

$$\frac{\text{(IA/FIS/ISC) actual palay* delivered, inspected \& accepted}}{\text{5 metric tons per hectare}} \quad \text{(NIA) (₱50,000)}$$

5. Para sa Post-harvest, magkakaroon ulit ng MOA sa pagitan ng NIA at IA/FIA/ISC.



**₱50,000 NA HALAGA NG FARM INPUTS AT CASH NA IBIBIGAY NG NIA**

## PRODUCTION TARGET

*Mayroong 5 metric tons na fresh palay kada ektarya sa 3rd crop, wet, and dry season.*

## MARKETING SCHEME

a. Ang 50% na milled rice ay ibebenta sa Kadiwa stores ng NIA sa halagang P29.00/ kilo;
b. Ang natitirang 50% ay ibebenta naman sa mga itinalagang pamilihan sa halagang katumbas ng presyo sa merkado;
c. Ibabalik sa NIA ang katumbas na ₱29.00 na halaga kada kilo, at;
d. Ang natitira mula sa pinagbentahan ay mapupunta sa IA.

## MGA TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD

### NIA

- Pagbibigay ng farm inputs
- Suporta para sa mga Magsasaka sa panahon ng Post-harvest Operations at Marketing
- Mga Packaging Materials
- Compensation sa IA/FIA/ISC

### IA/FIA/ISC

- Produksyon ng palay
- Pagtukoy sa post-harvest facilities at storage
- Pagbibigay ng post-harvest operation services sa NIA para masigurado ang kalidad at maayos na pagbebenta ng bigas
- Pagsigurado sa quality, safety, at efficiency ng post-harvest operations
- Responsibilidad sa packaging, marketing, at distribution
- Sales Remittance Agreement
- Insurance Requirements

